## Mga Karagdagang Mapagkukunan para sa Botante

- ✓ Alamin ang tungkol sa mga mapagkukunan at mga serbisyo para sa aksesibleng pagboto, at pagboto sa gilid ng daan: **sfelections.gov/accessibility**
  - Kung kayo o may kakilala kayo na hindi makaalis ng bahay o na-ospital, maaari kayong humiling ng serbisyo para sa paghatid at pagkuha ng balota. Makipag-ugnayan sa amin sa telepono sa (415) 554-4310, o mag-email sa **ballotdelivery@sfgov.org**
  - Bukas ang Hotline ng California para sa mga Karapatan ng may Kapansanan na (888) 569-7955 sa Araw ng Eleksyon, pati na rin bago at pagkatapos ng eleksyon.
- ✓ Alamin ang tungkol sa aming mga serbisyo sa wika: **sfelections.gov/language**
- ✓ Mag-subscribe sa aming mga opisyal na balita at mga update: **sfelections.gov/trustedinfo**
- ✓ Libreng mga klase sa English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL), makipag-ugnayan sa City College ng San Francisco: **ccsf.edu/esl**

## Tungkol sa Komisyon para sa mga Eleksyon

Ang Komisyon para sa mga Eleksyon ang nangangasiwa ng mga pampublikong eleksyon sa San Francisco at nagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon. Inaaprubahan at tinatasa rin nito ang mga plano sa bawat eleksyon. Ang mga kasalukuyang miyembro ng Komisyong ito ay kinabibilangan nina:

**Michelle Parker, Presidente**
Itinalaga ng Lupon ng Edukasyon

**Kelly Wong**
Itinalaga ng Lupon ng mga Superbisor

**Trevor McNeil**
Itinalaga ng Mayor

*Bakante*
Itatalaga ng Tesorero

**Renita LiVolsi, Bise Presidente**
Itinalaga ng Pampublikong Tagapagtanggol

**Rebecca Bers**
Itinalaga ng Abugado ng Lungsod

*Bakante*
Itatalaga ng Abugado ng Distrito

## Mga Mahahalagang Petsa

**Oktubre 6, 2025**

- Darating sa mga mailbox ang mga pakete ng vote-by-mail na balota
- Magsisimula ang personal na pagboto sa Sentro ng Botohan sa City Hall, sa harap ng Room 48
- Magbubukas ang 37 kahon na hulugan ng balota sa San Francisco

**Oktubre 20, 2025**

- Deadline para sa pagpaparehistro bilang botante (para makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo). *Ang mga botanteng hindi umabot sa deadline para sa pagpaparehistro ay maaari pa ring magparehistro nang kondisyonal at personal na bumoto nang probisyonal sa City Hall o sa isang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon bago mag-8:00 p.m.*

**Nobyembre 4, 2025, Araw ng Eleksyon**

- Magbubukas ang 100 mga lugar ng botohan sa San Francisco mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.
- Maglalabas ang Departamento ng paunang lokal na mga resulta ng eleksyon nang 8:45 p.m.

## May mga Katanungan? Nandito kami para Tumulong!

| Telepono | Koreo | E-Mail |
| --- | --- | --- |
| English: (415) 554-4375<br>TTY: (415) 554-4386<br>Español: (415) 554-4366<br>中文: (415) 554-4367<br>Filipino: (415) 554-4310 | Department of Elections<br>1 Dr. Carlton B. Goodlett Place<br>City Hall, Room 48<br>San Francisco, CA 94102 | sfvote@sfgov.org |

Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang Pamplet na ito, maglalathala ng koreksiyon sa *San Francisco Examiner* sa Oktubre 22 at 23. Bago ang paglalathala ng Pamplet, ang sinumang botante ay maaaring humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) sa ilalim ng California Elections Code §§ 9295 at 13314 na baguhin o burahin ang mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

**Lungsod at County ng San Francisco**
**Departamento ng mga Eleksyon**

# Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

## Nobyembre 4, 2025 Pambuong-estadong Espesyal na Halalan

**Piliin ang Direksiyon ng California**




**sa Nobyembre 4 Pambuong-estadong Espesyal na Halalan, BUMOTO ka**

Ang opisyal na halimbawang balota para sa eleksyong ito ay nakalathala sa bersiyong Ingles ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Ang lahat ng nakarehistrong mga botante ay makatatanggap ng bersiyong Ingles nitong pamplet. Kung gusto ninyo ng karagdagang kopya ng bersiyong Ingles ng pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari rin ninyong matingnan ang inyong halimbawang balota sa **sfelections.gov**.

CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS
John Arntz, Director

Mahal na Botante ng San Francisco, Setyembre 8, 2025

Para sa Nobyembre 4, 2025, Pambuong-estadong Espesyal na Halalan, ang lahat ng nakarehistrong botante ay makatatanggap ng isang kard na balota na naglalaman ng isang pambuong-estadong panukala sa balota na may "Oo-o-Hindi" na tanong. Para suriin ang impormasyon kaugnay sa panukalang ito, bisitahin ang website ng Gabay na Impormasyon para sa Botante ng Kalihim ng Estado ng California sa **voterguide.sos.ca.gov**.

**Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo**
Simula Oktubre 2, magpapadala sa koreo ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga balota sa lahat ng nakarehistrong mga botante sa San Francisco. Maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang kinumpletong balota sa pamamagitan ng koreo o ihatid ito sa alinman sa 37 mga kahon na hulugan ng balota ng Lungsod, na mayroon mula Oktubre 6 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 4. Para tingnan ang lokasyon ng mga kahon na hulugan, bisitahin ang **sfelections.gov/ballotdropoff**.

**Pagboto nang Personal**
Ang Sentro ng Botohan sa City Hall, na matatagpuan sa harap ng Room 48, ay magbubukas para sa lahat ng mga botante ng San Francisco Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., simula Oktubre 6 hanggang Nobyembre 3, maliban sa Oktubre 13 holiday. Magbubukas din ang Sentro ng Botohan sa Sabado at Linggo ng Nobyembre 1 at 2 mula 10 a.m. hanggang 4 p.m., at sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 4, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Magsisilbi ang lugar na ito para sa mga botante na nais na bumoto nang personal, maghulog ng kinumpletong mga balota, gumamit ng kagamitan para sa aksesibleng pagboto, o, pagkalipas ng Oktubre 20 na deadline para sa rehistrasyon, magparehistro at bumoto nang probisyonal.

Sa Araw ng Eleksyon, magbubukas ang Departamento ng 100 mga lugar ng botohan sa kabuuan ng Lungsod para sa personal na pagboto at paghulog ng balotang vote-by-mail mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Maaaring kumpirmahin ng mga botante ang lokasyon ng itinalaga sa kanilang lugar ng botohan sa pamamagitan ng pag-log-in sa Portal para sa Botante sa **sfelections.gov/voterportal**. Ang address ng lugar ng botohan ay nakalista rin sa "Mga Instruksiyon para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo" na nakalakip sa pakete ng vote-by-mail, kasama ng "Bumoto Ako!" na sticker.

**Mga Resulta ng Eleksyon**
Maglalabas ang Departamento ng paunang mga lokal na resulta ng eleksyon sa Gabi ng Eleksyon bandang 8:45 p.m. at ipo-post ang mga ito sa **sfelections.gov/results**. Ang mga pambuong-estadong resulta ay makikita sa website ng Kalihim ng Estado ng California sa **sos.ca.gov/elections**.

Bisitahin ang Portal para sa Botante sa **sfelections.gov/voterportal** para i-access ang inyong impormasyon bilang botante, subaybayan ang inyong balota, at higit pa. Para sa mga katanungan o para humingi ng tulong, tumawag sa Departamento sa (415) 554-4310, mag-email sa **sfvote@sfgov.org**, o bisitahin ang **sfelections.gov**.

Lubos na gumagalang,
John Arntz, Direktor



## Tungkol sa Nobyembre 4 na Eleksyon

Sa Nobyembre 4, 2025, magdedesisyon ang mga botante ng California sa Proposisyon 50, isang pag-amyenda sa saligang batas na naglalayong pansamantalang baguhin ang mga mapa ng kongresyunal na mga distrito sa estado simula sa 2026. Gagamitin ang mga bagong mapa ng California hanggang sa gumuhit ng bagong mga mapa ang Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito ng California kasunod ng 2030 Senso ng U.S.

Ang botong "Oo" sa proposisyong ito ay nangangahulugang: Gagamit ang estado ng bagong, iginuhit ng lehislatibong mga mapa ng kongresyunal na mga distrito simula sa 2026. Gagamitin ang mga bagong mapa ng California hanggang sa gumuhit ng bagong mga mapa ang Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito ng California kasunod ng 2030 Senso ng U.S.

Ang botong "Hindi" sa proposisyong ito ay nangangahulugang: Ang kasalukuyang mga mapa ng kongresyunal na mga distrito na iginuhit ng Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito ng California ay patuloy na gagamitin sa California hanggang sa gumuhit ang Komisyon ng bagong mga mapa kasunod ng 2030 Senso ng U.S.

### Alamin ang Higit pa Tungkol sa Eleksyong ito

Inihanda ng Kalihim ng Estado ang opisyal na Gabay na Impormasyon para sa Botante ng Estado (Gabay), na ipadadala sa koreo sa lahat ng mga sambahayan sa Setyembre. Ang Gabay ay naglalaman ng buong teksto ng Proposisyon 50, walang kinikilingang mga pagsusuri, mga argumento pabor at laban sa panukala, at mga sagot sa argumento. Maaari rin ninyong ma-access ang Gabay online sa **voterguide.sos.ca.gov**.

## Mga Paraan sa Pagboto

Maaari ninyong ibalik ang inyong kinumpletong balota sa pamamagitan ng koreo, personal na bumoto nang maaga sa City Hall (sa labas ng Room 48), o bumoto sa inyong balota sa Araw ng Eleksyon sa itinalaga sa inyong lugar ng botohan.

### ✓ Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Sundin ang mga Instruksiyon para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na nakalakip sa inyong pakete ng balota. Para mabilang, ang mga balotang ipadadala sa pamamagitan ng koreo ay kailangang na-postmark sa o bago ang **Araw ng Eleksyon, Nobyembre 4**, at matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalampas ng Nobyembre 12.

### Ihulog ang inyong Binotohang Balota

Maaari ninyong ihulog ang inyong binotohang balota sa alinmang sentro ng botohan, lugar ng botohan, o Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota sa California.

Sa San Francisco, magbubukas ang 37 mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota simula Oktubre 6 hanggang sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 4, hanggang 8 p.m. Para humanap ng lokasyon, bisitahin ang **sfelections.gov/ballotdropoff** o tumawag sa (415) 554-4310.

### ✓ Pagboto nang Personal

Maaari kayong **bumoto nang maaga sa City Hall, sa labas ng Room 48**, simula Oktubre 6 hanggang sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 4.

- Lunes hanggang Biyernes: 8:00 a.m.–5:00 p.m. (maliban sa Oktubre 13 holiday)
- Sabado at Linggo ng Nobyembre 1 at 2: 10:00 a.m.–4:00 p.m.
- Araw ng Eleksyon, Nobyembre 4: 7:00 a.m.–8:00 p.m.

Sa Araw ng Eleksyon, magbubukas ang **100 mga lugar ng botohan** sa buong San Francisco mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

Nakalimbag ang address ng inyong lugar ng botohan sa itaas na kanang gilid ng mga Instruksiyon para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na nakalakip sa inyong pakete ng balota. Maaari rin ninyo itong tingnan sa **sfelections.gov/voterportal**.

### Sistema ng Aksesibleng Vote-by-Mail

Simula Oktubre 6, maaaring ma-access ng sinumang nakarehistrong botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng Sistema ng Aksesibleng Vote-by-Mail (AVBM) sa **sfelections.gov/access**. Para mabilang, ang kinumpletong balota ay kailangang mai-print at maibalik sa pamamagitan ng koreo o nang personal nang hindi lalampas ng 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon.

### Subaybayan ang inyong Balota

Bisitahin ang **sfelections.gov/voterportal** para subaybayan ang inyong balota at kumpirmahin kung kailan ito natanggap para sa pagbibilang. Kung may isyu sa inyong sobre ng balota, gaya ng kawalan ng pirma, aalertuhin kayo ng portal at bibigyan ng mga instruksiyon kung papaano mareresolba ang isyu.

Maaari rin kayong mag-sign-up para sa mga awtomatikong update sa pamamagitan ng email, text, o telepono sa **wheresmyballot.sos.ca.gov**.

## Mga Resulta ng Eleksyon

Maglalabas ang Departamento ng mga Eleksyon ng paunang mga resulta sa Nobyembre 4 simula 8:45 p.m. at patuloy na magpo-post ng mga update sa kabuuan ng Gabi ng Eleksyon at sa panahon ng bilangan.

Ang lahat ng pauna at pinal na lokal na mga resulta ng eleksyon ay makikita sa **sfelections.gov/results** at sa tanggapan ng Departamento ng mga Eleksyon. Ang pambuong-estadong mga resulta ay ipo-post sa website ng Kalihim ng Estado ng California sa **sos.ca.gov**.

## Pag-obserba sa Eleksyon

Maaaring mag-obserba ang publiko sa maraming mga proseso sa eleksyon, kabilang na ang pagbibilang ng balota, personal man sa tanggapan ng Departamento o sa pamamagitan ng livestream sa **sfelections.gov/observe**.